| | | | |
|---|---|---|---|
| **ASIGNATURA:** | Edukasyon sa Pagpapakatao | **BAITANG:** | 3 |
| **MARKAHAN:** | Una | **PANGKAT:** | |
| **PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:** | Napahahalagahan ang pagkilala sa kayang gawin ng mag-aaral na sumusukat sa kanyang katatagan ng loob tulad ng pagtanggap sa puna ng ibang tao sa mga hindi magandang gawa, kilos at gawi, at pagbabago ayon sa nararapat na resulta | **CODE:** | EsP3PKP-Id – 17 |

Pangalan: ______________________________________ Petsa: ________________

## GAWAIN 4

**Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag. Piliin at isulat sa sagutang papel ang titik ng pinakatamang sagot.**

1. Hinahamon ka ng away ng iyong kamag-aral. Ano ang pwede mong gawin?
   A. Magtitimpi ako at hindi ko siya papatulan.
   B. Tatanggapin ko ang kanyang hamon.
   C. Iiyak ako nang malakas.

2. Pinuna kayo ng inyong guro sa silid-aklatan dahil malakas ang mga boses ninyo. Ano ang nararapat ninyong gawin?
   A. Mag-iingay pa lalo para mapansin.
   B. Hindi papansinin ang pagsaway ng guro.
   C. Tatahimik at hihingi ng pasensiya sa guro.

3. Pagkatapos maglaro, nanood si Addy ng palabas sa TV habang naiwang nakakalat ang kanyang mga laruan sa sala. Ano dapat ang ginawa ni Addy bago manood?
   A. Inutusan muna sana niya ang kanyang kuya na magligpit.
   B. Iniligpit muna sana niya ang lahat ng kanyang laruan.
   C. Gumawa muna sana siya ng kanyang takdang-aralin.

4. Paano nasusubok ang katatagan ng loob ng isang batang katulad mo?
   A. Kapag payapa niyang tinanggap ang mga puna sa kanya ng ibang tao.
   B. Kapag maayos niyang nagampanan ang lahat ng kanyang gawain.
   C. Kapag marami na siyang naging kaibigan.

5. Sino sa mga batang ito ang nagpapakita ng katatagan ng loob?
   A. Si Grace na sumisigaw kapag mayroon siyang sama ng loob.
   B. Si Alex na nagtitimpi kapag mayroong nam-*bully* sa kanya.
   C. Si Addy na laging umiiyak kapag natatalo.